ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 5| May 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# INKLUSIBONG EDUKASYON: KASANAYAN SA PAGSASALITA NG MGA MAG-AARAL NA MAY ESPESYAL NA PANGANGAILANGAN

**Jofel Joy J. Abuda[1], Rene P. Sultan, EdD, DPA[2]**

[1]*Teacher I, Manuel B. Guiñez Sr. National High School, Poblacion, Banaybanay, Davao Oriental, Philippines*
[2]*Education Program Supervisor in Filipino, DepEd Davao City Division,Elpidio Quirino Ave, Poblacion District, Davao City, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra16798**
**DOI No: 10.36713/epra16798**

## ABSTRAK

*Ang kuwalitatibong pananaliksik na ito ay isinagawa upang magalugad ang karanasan, pagtatagumpay, at mga kuro-kurong nabuo ng 8 guro sa kanilang pagtuturo ng kasanayan sa pagsasalita sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa mga pampublikong paaralang sekondarya na saklaw ng Lupon West at Banaybanay District, Sangay ng Davao Oriental para sa Taong-Panuruan 2022-2023. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pinalalim na panayam, natuklasan ang mga tema: nahahamon sa pagdadala ng tungkulin sa pagtuturo; nagsasagawa ng panibagong pag-aaral; nahaharap sa mga pagsubok; nalilinang ang katatasan sa wika; mabungang pagsasaling-wika; pagsasagawa ng sariling pag-aaral; nagtatanong sa mga dalubhasa; nagsasagawa ng mga pananaliksik; pagpapalakas ng INSET sa pagtuturo ng inklusibong edukasyon; pagsasagawa ng pananaliksik sa inklusibong edukasyon; at paglalaan ng budget para sa kagamitang pampagtuturo. Hindi naging madali ang pagpapatupad ng inklusibong edukasyon dahil natukoy na mismo ng UNESCO ang mga hadlang sa inklusibong edukasyon. Ito ang mga sumusunod: negatibong saloobin sa pagkakaiba; pisikal na mga hadlang upang makapasok sa paaralan; mga kakayahan at saloobin ng guro; iba't ibang wika at komunikasyon ng mga guro at mag-aaral; at mga kakulangan sa kagamitan.*

**MGA SUSING SALITA**: *Inklusibong Edukasyon, Kasanayan sa Pagsasalita, Sangay ng Davao Oriental, Rehiyon XI*

## INTRODUKSYON

Sa kasalukuyan, ang sistema ng edukasyon ay sumasailalim sa maraming pagbabago, kabilang na ang pagtataguyod ng inklusibong edukasyon na isinusulong ng United Nations Educational Scientific and Cultural Organization (UNESCO). Ang inklusibong edukasyon, ayon kay UNESCO (2009), ay naglalayong tanggapin ang lahat ng uri ng indibidwal upang malinang ang kanilang kakayahan at maging aktibong kasapi ng lipunan. Nakatuon ang pag-aaral na ito sa kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan, na binigyang-diin bilang isang mahalagang aspeto ng kanilang karapatan sa edukasyon (Mag, Sinfield, at Burns, 2017).

Sa paglipas ng mga dekada, ang espesyal na edukasyon ay unti-unting umuunlad patungo sa inklusibong modelo na kinikilala bilang pamantayan sa global na edukasyon (Hettiarachchi at Das, 2014). Gayunpaman, ang mga mauunlad na bansa, tulad ng Pilipinas at Indonesia, ay kinakailangan pa ring magdoble ng pagsisikap upang maisakatuparan ang ganitong sistema sa kabila ng mga hadlang tulad ng negatibong saloobin, pisikal na mga barrier, at kakulangan sa kagamitan (UNESCO, 2009).

Ang Individuals with Disabilities Education Improvement Act (IDEA) ng 2004 at ang mga pagbabago sa mga umiiral na batas ay nagpapatibay sa karapatan ng mga batang may espesyal na pangangailangan na magkaroon ng access sa regular na mga silid-aralan at makasama ang ibang mga mag-aaral (Yell at Drasgow, 2007). Ayon kay Foreman (2007), ang mga magulang ay naging mas mapangahas sa paghahanap ng pantay na pagtrato sa edukasyon para sa kanilang mga anak na may espesyal na pangangailangan sa kasanayan sa pagsasalita.

Gayundin, ayon sa pag-aaral nina Forlin, Sharma, Loreman, at Sprunt (2015), ang mga guro na sumailalim sa pagsasanay sa inklusibong edukasyon ay nagpapakita ng mas positibong saloobin sa pagtanggap at pagtuturo sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Sa kabilang banda, ang kakulangan ng pagsasanay at propesyonal na pag-unlad ay patuloy na naging isang malaking hamon para sa mga guro (Odongo at Davidson, 2016).

Sa pangkalahatan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong itaguyod ang inklusibong edukasyon at magsagawa ng mga pananaliksik upang mapabuti ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Ang ganitong mga inisyatibo ay mahalaga upang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral ay makakatanggap ng pantay na oportunidad sa edukasyon

at maipahayag ang kanilang mga kasanayan at potensyal sa isang sumusuportang kapaligiran.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay galugarin ang mga karanasan at pagtatagumpay ng mga gurong nagtuturo ng kasanayan sa pagsasalita sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa asignaturang Filipino, sa mga paaralang nasasakop ng Lupon West at Banaybanay District, Sangay ng Davao Oriental. Mula sa mga karanasang ito, inalam din ng mananaliksik ang mga kabatiran at natutuhan ng mga guro na nais nilang ibahagi sa kapuwa mga guro sa pagtuturo ng kasanayan sa pagsasalita sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan upang gawing lundayan ng mga palatuntunang lilinang sa kahusayan sa pagsasalita.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong magalugad ang karanasan, pagtatagumpay, at mga kabatiran at natutuhan ng mga guro sa sekondarya na nagtuturo ng kasanayan sa pagsasalita sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa inklusibong edukasyon. Ninanais kong mabigyang kasagutan ang sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsasalita sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan?
2. Paano hinarap ng mga guro ang mga problema sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan?
3. Ano-ano ang mga pananaw sa pamamahala ng inklusibong edukasyon ang nakuha mula sa salaysay ng mga guro?

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang disenyo ng pag-aaral na ito ay kuwalitatibo, gamit ang metodolohiyang penomenolohikal upang masuri ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng kasanayan sa pagsasalita sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Nilalayon ng disenyo na ito na maunawaan at bigyang kahulugan ang mga karanasan ng mga kalahok sa isang malalim at holistikong pamamaraan, kung saan ang mananaliksik ay malapitang nakikipag-ugnayan sa mga kalahok at nakakalap ng detalyadong naratibo.

**Mga Kalahok ng Pananaliksik**

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay walong guro ng asignaturang Filipino mula sa mga sekondaryang paaralan sa Lupon West at Banaybanay District, Sangay ng Davao Oriental. Pinili ang mga kalahok sa pamamagitan ng purposive sampling, kung saan ang mga guro ay may higit sa limang taon ng karanasan sa pagtuturo at kasalukuyang nagtuturo sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa kasanayan sa pagsasalita.

**Etikal na Konsiderasyon ng Pag-aaral**

Sa pag-aaral na ito, ang etikal na mga konsiderasyon ay kinabibilangan ng pagsunod sa mga prinsipyo ng awtonomiya, beneficence, at katarungan. Nagsagawa ang mananaliksik ng mga hakbang upang matiyak ang proteksyon sa mga kalahok mula sa anumang panganib o pagsasamantala, kabilang ang paghingi ng malinaw na pahintulot sa mga kalahok at pagtitiyak na may kalayaan silang umatras sa pag-aaral anumang oras.

**Tungkulin ng Mananaliksik**

Ang mananaliksik ay nagsilbing pangunahing instrumento sa paglikom ng datos, na responsable sa pagplano at pagsasagawa ng mga panayam, transkripsyon ng mga tugon, at analisis ng mga nakuhang impormasyon. Tungkulin din ng mananaliksik na siguraduhin na ang proseso ng pananaliksik ay isinasagawa nang may integridad at paggalang sa mga kalahok.

**Paglikom ng mga Datos**

Ginamit ang pinalalim na panayam bilang pangunahing pamamaraan sa paglikom ng datos. Isinagawa ang mga panayam sa paraang verbatim upang tiyakin na tumpak ang mga datos na nakalap, at ginabayan ng mga partikular na katanungan na dinisenyo upang tuklasin ang mga pananaw at karanasan ng mga guro.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Sa pagsusuri ng datos, gumamit ang mananaliksik ng tematikong analisis upang makilala at mag-organisa ng mga tema mula sa mga transkripsyon ng panayam. Layunin ng prosesong ito na ilantad ang mga pangunahing pattern at kahulugan sa loob ng mga naratibo na makakatulong sa pag-unawa sa mga karanasan ng mga guro.

**Pagtitiwala sa Kawastuhan ng Pag-aaral**

Upang matiyak ang kawastuhan at kredibilidad ng pag-aaral, siniguro ng mananaliksik na ang mga proseso at resulta ng pananaliksik ay maaaring mapatunayan at maipapasa sa ibang konteksto. Ang mga hakbang na ito ay naglalayong mapanatili ang transparency at reproducibility ng mga natuklasan, at upang maitaguyod ang pagtitiwala ng mga mambabasa sa integridad ng pananaliksik.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 5| May 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

## MGA RESULTA AT PAG TALAKAY

***Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pagsasalita sa mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan***




*Talangguhitan 1. Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pagsasalita sa mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan*

Sa pagsusuri ng mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsasalita sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan, lumitaw ang ilang mga hamon at mga kinakailangang estratehiya para sa mas epektibong pagtuturo. Nahaharap ang mga guro sa mga pagsubok tulad ng negatibong saloobin sa pagkakaiba-iba, pisikal at komunikasyon na mga hadlang, at kawalan ng sapat na pagsasanay. Ayon sa mga literatura tulad ng UNESCO, ang inklusibong edukasyon, bagama't itinuturing na ideal, ay patuloy na nakakaranas ng mga balakid lalo na sa kakulangan ng paghahanda at kaalaman ng mga guro sa paghawak ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan.

Ang mga guro, bilang pangunahing tagapagpatupad ng mga layunin ng inklusibong edukasyon, ay kinakailangang magkaroon ng malalim na pag-unawa sa mga pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Binigyang-diin sa mga pag-aaral na ang epektibong pagtuturo ay nangangailangan ng pagiging sensitibo sa indibidwal na pangangailangan ng bawat mag-aaral at ang paggamit ng angkop na mga pamamaraan at materyales sa pagtuturo. Mga pagsasanay at suporta mula sa Kagawaran ng Edukasyon at iba pang mga institusyon ay mahalaga upang matiyak na ang mga guro ay sapat na nasasanay at napapalakas ang kanilang kakayahan sa pagtugon sa mga hamong ito.

Sa huli, mahalaga rin ang pagkakaroon ng malinaw na mga polisiya at suportang istraktura upang tulungan ang mga guro at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 5| May 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

mag-aaral na magtagumpay sa inklusibong kapaligiran. Kasama dito ang patuloy na pagsasanay, pagbibigay ng mga nararapat na materyales at teknolohiya, at pagtiyak na ang mga paaralan ay pisikal at kultura na nakaka-akomoda sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito, masisiguro na ang inklusibong edukasyon ay hindi lamang isang ideyal kundi isang aktwal na karanasan na nakatutulong sa lahat ng mag-aaral na maabot ang kanilang buong potensyal.

***Paano hinarap ng mga guro ang mga problemang kaugnay sa pagtuturo ng pagsasalita sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan?***

Sa pagsusuri sa mga tugon ng mga guro hinggil sa kanilang mga estratehiya sa pagtuturo ng kasanayan sa pagsasalita sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan, lumitaw ang temang mabungang pagsasaling-wika. Ang estratehiyang ito ay isinasaalang-alang ang paggamit ng malinaw at simpleng mga salita para sa mas madaling pag-unawa at pag-iwas sa mga pagkakamali sa komunikasyon. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng wika sa pagbuo ng mga pamantayang nagbibigay-daan sa mas epektibong pakikipag-ugnayan at pag-unawa sa loob ng inklusibong setting ng edukasyon. Ayon kay Hong (2012), ang pagsasaling-wika sa katutubong wika ng mga mag-aaral ay nakakatulong upang mas mapadali ang kanilang pag-unawa at pagtanggap sa mga aralin, lalo na sa paglinang ng kasanayan sa pagsasalita. Dagdag pa rito, pinapaalalahanan ng mga eksperto tulad ni Smith (2018) na ang proseso ng pagsasalin ay dapat nagtataglay ng malikhaing katangian upang ito'y maging epektibo.

Sa pagharap sa mga hamon sa pagtuturo, ang mga guro ay nagtataguyod din ng sariling pag-aaral at pagtatanong sa mga dalubhasa upang matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Ang mga guro ay gumagamit ng anecdotal records at iba pang mga pamamaraan ng pananaliksik upang mas maunawaan at matugunan ang iba't ibang pangangailangan sa kasanayan sa pagsasalita ng kanilang mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga ganitong gawain, naipapalaganap nila ang inklusibong edukasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng pantay na pagkakataon sa bawat mag-aaral na umunlad at matuto sa isang kapaligirang nakakaengganyo at walang diskriminasyon. Ang mga inisyatibo tulad ng pagkonsulta sa mga eksperto at pagpapatupad ng mga pananaliksik ay nagbibigay-daan sa pagpapabuti ng mga estratehiya sa pagtuturo at sa huli, nagtataguyod ng mas inklusibong kapaligiran sa edukasyon.




*Talangguhitan 2. Paraan ng Pagharap ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pagsasalita sa mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 5| May 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

***Pananaw Sa Pamamahala Ng Inklusibong Edukasyon***

Sa pagtugon sa pangatlong tanong ng pananaliksik hinggil sa pananaw ng mga guro sa pamamahala ng inklusibong edukasyon, lumitaw ang ilang mahahalagang tema na sumasalamin sa kasalukuyang estado at mga pangangailangan ng edukasyong inklusibo. Isa sa mga pangunahing tema ay ang pagpapalakas ng INSET, o ang in-service training, para sa mga guro na nagtuturo sa inklusibong setting. Kinikilala ng Kagawaran ng Edukasyon ang pangangailangan para sa mas pinalawak at mas madalas na pagsasanay na tutugon sa mga espesipikong pangangailangan ng mga mag-aaral na may kapansanan. Maraming guro ang nagpahayag ng pangangailangan para sa karagdagang pagsasanay upang mahusay nilang maisakatuparan ang inklusibong edukasyon sa kanilang mga silid-aralan.

Dagdag dito, isang malinaw na tema ang lumitaw tungkol sa pagpapalawig ng pananaliksik sa inklusibong edukasyon. Ipinapahiwatig ng mga guro ang kahalagahan ng pag-aaral at pag-unlad ng mga bagong estratehiya at pamamaraan na maaaring magpatibay sa pagtuturo at pagkatuto sa inklusibong kapaligiran. Binigyang-diin ng pananaliksik ang pangangailangan para sa mga polisiya at batas na sumusuporta sa inklusibong edukasyon sa iba't ibang bansa, na nagpapakita na ang mga pagbabago at inobasyon sa edukasyon ay kinakailangan at dapat na sinusuportahan ng matalinong pagpaplano at sapat na mga mapagkukunan.

Bukod sa mga pagsasanay at pananaliksik, napakahalaga rin ng suporta mula sa mga magulang at ang pakikipagtulungan nila sa mga guro para sa tagumpay ng inklusibong edukasyon. Ang positibong pananaw ng mga magulang at ang kanilang aktibong pakikilahok ay makakatulong nang malaki upang magtagumpay ang inklusibong edukasyon sa pampublikong sistema. Nagsisilbi itong paalala na ang inklusibong edukasyon ay hindi lamang trabaho ng mga guro kundi isang komprehensibong pagsisikap na nangangailangan ng pagtutulungan ng bawat sektor ng komunidad, kabilang ang mga pamilya at iba pang mga stakeholder.




*Talangguhitan 3. Pananaw sa Pamamahala ng Inklusibong Edukasyon*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 5| May 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pananaliksik tungkol sa kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa konteksto ng inklusibong edukasyon, binigyang-diin ng mga guro ang mga hamon at oportunidad sa pagtuturo sa ganitong setting. Naharap ang mga guro sa mga pagsubok ngunit patuloy silang nagsisikap na makahanap ng epektibong estratehiya upang matiyak na natututo ang lahat ng mag-aaral. Kinakailangan ang mas malalim na pag-unawa at pagtanggap sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan upang maipatupad nang maayos ang inklusibong edukasyon. Bukod dito, iminungkahi ng mga guro ang pagkakaroon ng dagdag na pagsasanay at mga seminar para sa mga guro at magulang upang mas mapabuti ang pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na ito.

Ang kahalagahan ng pagsasanay at suporta mula sa Kagawaran ng Edukasyon at iba pang sektor ay muling pinatunayan sa pag-aaral na ito. Iminumungkahi na magbigay ng karagdagang scholarship at pagsasanay para sa mga guro sa sekondarya na humahawak sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan, lalo na sa kasanayan sa pagsasalita, upang sila'y maging mas kompetente at handa sa mga hamon ng inklusibong edukasyon. Mahalaga rin ang papel ng mga magulang sa pagtutulungan upang maisulong ang inklusibong kapaligiran sa edukasyon, at ang patuloy na pananaliksik sa mga estratehiya sa pagtuturo ay kinakailangan upang mabisang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa hinaharap, ang patuloy na pananaliksik at pagsusuri sa mga karanasan ng mga guro at mga mag-aaral sa inklusibong edukasyon ay makapagbibigay ng mahahalagang kaalaman at inspirasyon para sa pagpapabuti ng mga praktika sa pagtuturo. Dapat bigyang-diin ang paglalapat ng natutunan mula sa pagsasanay at mga seminar upang matiyak na ang inklusibong edukasyon ay hindi lamang isang ideyal kundi isang praktikal at epektibong realidad sa mga paaralan sa Pilipinas. Ang mga natuklasang ito ay makakatulong sa pagbuo ng mas inklusibo at mapagkalingang kapaligiran sa edukasyon para sa lahat ng mag-aaral, anuman ang kanilang mga pangangailangan.

## TALASANGGUNIAN

1. *Foreman, P. (2007). Inclusion in Action (2nd ed.). Thomson Learning Australia.*
2. *Forlin, C., Sharma, U., Loreman, T., at Sprunt, B. (2015). Developing disability-inclusive indicators in the Pacific Islands. Prospects, 45(2), 197-211.*
3. *Hettiarachchi, S., at Das, A. (2014). Perceptions of "inclusion" and perceived preparedness among school teachers in Sri Lanka. Journal of Teaching and Teacher Education, 43, 143-153. doi:10.1016/j.*
4. *Hong, S. (2012). Mainstream integration for all special-ed schools. Nakuha: Enero 18, 2023, mula sa http://news.asiaone.com/News/Latest%2BNews/Singapore/Story/A1Story20120320-334441.html*
5. *Individuals with Disabilities Education Improvement Act H. R. 1350, 108th Congress. (2004). Nakuha: Enero 9, 2023, mula sa http://thomas.loc.gov/cgi-bin/query/z?c108:h.1350.enr*
6. *Mag, A. G., Sinfield, S., at Burns, T. (2017). The benefits of inclusive education: new challenges for university teachers. MATEC Web of Conferences, 120, 12011. DOI: 10.1051/matecconf/201712112011.*
7. *Odongo, G., at Davidson, R. (2016). Examining the Attitudes and Concerns of the Kenyan Teachers toward the Inclusion of Children with Disabilities in the General Education Classroom: A Mixed Methods Study. International Journal of Special Education, 31(2), n2.*
8. *Smith, W. (2018). Quality and inclusion in the SDGs: tension in principle and practice. In B. Hamre, A. Morin and C. Ydesen (Eds.), Testing and Inclusive Schooling: International challenges and opportunities. Abingdon: Routledge.*
9. *United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (2009). Inclusive Education for Children with Disabilities. A Guideline. UNESCO.*
10. *United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (2009). Policy guidelines on inclusion in education. Paris: UNESCO.*
11. *Yell, M. L., at Drasgow, E. (2007). The Individuals with Disabilities Education Improvement Act of 2004 and the 2006 regulations: Implications for assessment--introduction to the special series. Assessment for Effective Intervention, 32(4), 194-201 https://doi.org/10.1177/15345084070320040101*